
www.kidworship.kr

# Adan at Eva

– 2nd Story–



11Page

N A R Ang halamanan ng Eden ay puno ng lahat ng klase ng bulaklak at mga puno, kasama narin ang mga ilog na dumidilig sa mga halaman. Ang mga hayop ay masayang namumuhay. Sa Gitna ng Halaman ng Eden ay may Puno na nagbibigay ng kaalaman sa kung ano ang mabuti at masama. Si adan ay masayang nabuhay sa halamanan at kinausap siya ng Diyos.

Diyos “Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaa–laman tungkol sa mabuti at masama. Sapagkat pag kinain mo iyon, ikaw ay paniguradong mamamatay.”

Adan “Opo, Panginoon. Naiintindihan ko.”



12Page

N A R Naisip ng Diyos na hindi mainam na mag isa ang tao, bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong.

At habang natutulog si Adan ng mahimbing, kinuha ng Diyos ang isang tadyang nito at ginawa ang isang babae.

At pinangalanang Eva. Kahit na hubot hubad sina eva at Adan, ay hindi sila nahihiya.



13Page

N A R Isang araw, isang ahas ang bumungad sa harap ni Eva.

Ahas “Totoo ba na sinabi ng Diyos na Hindi niyo maaring kainin ang mga prutas ng kahit na anong punong kahoy ditto sa halamanan?”

Eva “Hindi, makakain namin ang kahit na anong klase ng prutas dito sa halamanan, ngunit sinabi ng Diyos na hindi naming maaring kainin o hawakan ang bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama sa–pagkat kami ay mamamatay.”

Ahas “Hindi! Subukan mo, Hindi ka mamamatay. Alam ng Diyos na kapag kinain niyo ang bungang iyon ay mabubuksan ang inyong mga mata at magiging katulad kayo ng Diyos! Na alam ang mabuti at masama.”

Eva “Talaga ba?”

Ahas “Oo! Tignan mo ang prutas, tignan mo kung gaano ito kasarap….”


14Page

N A R Ang ahas ay tuso, desidido siyang baliin ang pangako nina Adan at Eva sa Diyos, at magkasala sila sa Diyos sa pagkain ng prutas na nagbibigay kaalaman sa mabuti at masama. Nakita ni Eva ang prutas ng puno ay masarap kainin. Nawala na sa huwisyo si Eva kayat nakalimutan na niya ang babala ng Panginoon na kung siya ay kakain ay paniguradong siya ay mamamatay kaya't kumuha siya ng prutas at kinain. Kumuha din siya para sa kanyang asawa at ito'y kanyang kinain. Pagkatapos ay may napansin silang kakaiba. Napansin nina Eva at adan na sila ay hubo't hubad. Hiyang'hiya sila, kayat kumuha sila ng mga dahoon at kanilang pinag tagpi tagpi uto at ginawang balabal para sa kanilang katawan at nag tago sa halamanan. Ang Diyos na alam ang lahat ay malungkot. Tinawag ni si Adan.

Diyos "Adan? Nasaan ka? Kumain kaba ng prutas na nagbibigay ng kaalaman ng mabuti at masama?"


Adan "Panginoon! Binigyan lamang ako ni Eva ng prutas na galing sa puno at ito'y aking kinain."

Diyos "Bakit mo ito ginawa Eva?"

Eva "Panginoon, Ako po ay nilinlang ng ahas, kaya natukso akong kumain."

N A R Pinarusahan ng Diyos sina eva at adan dahil sa pagbali ng kanilang pangako. Gayundin ang ahas ay Kanyang pinarusahan.

..............................................................................................


15Page

Diyos "Ahas! Ikaw ay gagapang sa iyong buong buhay!"

"Eva! Ikaw ay mahihirapan sa iyong pagbubuntis lalo na sa pagsapit ng iyong pagluluwal."

"Adan, Ang lupang tanima'y, Aking susumpain magpa-kailanman! At kapag ikaw ay namatay yamang sa alikabok ka nanggaling, sa lupang alikabok ay ka rin babalik."

N A R Dinamitan ng Diyos sina Eva at adan gamit ang balat ng hayop. At kanyang pinalas ang mga ito sa halamanan ng eden. Ngunit kahit nanag kasala sina Eva at Adan, Mahal pa din sila ng Diyos at Kanyang binantayan ang mga ito. Kayat umalis sina Eva at Adan sa halamanan ng eden, at noong sila ay namatay, bumalik sila sa alikabok gaya ng sabi ng PAnginoon.